## Mga Paraan Upang Magkaroon ng Karagdagang Kaalaman Tungkol sa Paaralan ng Iyong Anak sa BC

Nais ng mga magulang na magtagumpay ang kanilang mga anak sa paaralan. Matutong kumuha ng impormasyon tungkol sa edukasyon ng iyong anak sa pamamagitan ng:

- pakikipag-usap sa inyong anak tungkol sa kanyang nararanasan;
- pakikipag-usap sa Multicultural Worker at/o Settlement Worker sa eskwelahan ng iyong anak;
- pakikipag-usap sa guro ng iyong anak kung mayroon kang mga inaalala tungkol sa edukasyon ng iyong anak;
- pagpunta sa Prinsipal o Vice Prinsipal upang matuto tungkol sa eskwelahan ng inyong anak;
- pagpunta sa Parent Advisory Council (PAC) ng eskwelahan at ang pagpapakilala sa ibang mga magulang.

***Inaasahan* ng mga paaralan at mga guro na magtanong ang mga magulang.**

### Pangongopya

Ang bawat paaralan ay may kaniya-kaniyang patakaran tungkol sa kung gaano karaming mga salita at/o mga ideya ang pinahihintulutang gamitin ng mga mag-aaral sa kanilang sariling gawain. Kausapin ang guro ng iyong anak tungkol sa mga patakarang ito.

VSB

**“New Country; New School System”**

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Canada | British Columbia — The Best Place on Earth | WelcomeBC

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

# Bagong Bansa; Bagong Sistema ng Paaralan



***Karagdagang Kaalaman Tungkol sa mga Paaralan sa BC***



## Mga Paaralan sa BC

Ang mga mag-aaral ay kinakailangang pumasok sa paaralan hanggang sa sila ay 16 taong gulang, at inaasahang dumating sila sa tamang oras sa eskwelahan at sa klase.

Ang takdang-aralin ay bahagi ng buhay-mag-aaral at inaaasahang tapusin ng mga mag-aaral ang gawaing ibibinigay ng guro. Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito, mangyaring basahin ang brosyur tungkol sa takdang-aralin.

Habang tumatandâ ang mga mag-aaral, inaasahan silang tumanggap ng karagdagang pananagutan para sa sarili nilang pag-aaral. Kabilang dito ang regular na pagbabalik-aral at maagang pagbabasa ng mga materyales.

***Ang pagtuto sa silid-aralan dito sa BC ay nangyayari sa iba't-ibang paraan:***

- *Sariling pag-gawa o may kasamang grupo*
- *Pakikipag-usap at pakiki-bahagi ng ideya ng mga mag--aaral sa iba't-ibang mga mag-aaral at mga guro;*
- *drama at art;*
- *paglalaro;*
- *pagkanta at musika;*
- *pag-ipon ng impormasyon na mag-isa o sa may kasamang grupo.*

Ang pagmemorya ay isa lamang sa mga paraan upang matuto.

Sa BC, malaking kahalagahan ang binibigay ng mga guro para matuto ang mga mag-aaral na maging "independent thinkers".

Ang field studies at iba pang mga karanasan sa labas ng paaralan ay mahalagang bahagi ng pag-aaral.

Ang Personal Planning at Family Life Education ay mga bahagi ng kurikulum na dapat gawin.

Ang Physical Education ay bahagi ng kuriulum para sa lalaki at babae. Sa maraming eskwelahan, ang mga lalaki at mga babae ay magkasama sa klase ng PE.

Ang pagkain ng mabuti at pisikal na gawain sa pang-araw-araw ay inirerekomenda ng Ministry of Education sa lahat ng mga mag-aaral.

Ang mga pagkakataon upang makipag-usap sa ibang mga mag-aaral na nagsasalita ng Ingles (halimbawa, choir at mga extra-curricular na gawain) ay may mabuting epekto sa pag-aaral at pagbibigkas ng wika.

Maaaring hindi pormal ang relasyon ng mga guro at mga mag-aaral. May ilang mga guro na gustong tawagin sila ng mga mag-aaral na gamit ang kanilang unang pangalan pero meron ding mga guro na mas promal.